



## **ZUCKERBERG SAN FRANCISCO GENERAL HOSPITAL**

### **Pamamaraan ng Opisina para sa Karanasan ng Pasyente tungkol sa Karaingan**

Gusto kayong bigyan ng Zuckerberg San Francisco General Hospital ng may kalidad na pangangalagang pangkalusugan sa isang magalang at nakikiramay na pamamaraan. Kung hindi namin natugunan ang inyong mga inaasahan sa inyong pamamalagi o pagpunta, gusto naming marinig ang tungkol dito.

#### **T: Sino ang maaaring magsumite ng isang karaingan?**

**S:** Ang sinumang pasyente/bisita ay maaaring magsampa o magsabi ng alalahanin/karaingan hinggil sa kanyang paggamot. Kung hindi kayo makakapagsampa o makakapagsabi ng alalahanin/karaingan, maaaring magsampa ng alalahanin ang isang kapamilya, asawa o kapareha sa ngalan ninyo.

#### **T: Ano ang nangyayari pagkatapos magsumite ng isang karaingan/alalahanin sa sulat?**

**S:** Nasa ibaba ang proseso para sa alalahanin:

- 1)** Magpapadala ng pagtanggap/pagkumpirma ang aming opisina na natanggap namin ang inyong alalahanin.
- 2)** Makikipag-ugnayan kami sa departamento kung saan nangyari ang alalahanin.
- 3)** Makikipag-ugnayan sa inyo ang namumuno ng departamento sa pamamagitan ng telepono upang malaman pa ang tungkol sa inyong karanasan.
- 4)** Magsasagawa ng imbestigasyon ang namumuno ng departamento tungkol sa pangyayari at magbibigay sa inyo ng tugon sa kinalabasan sa loob ng 30 araw ng negosyo.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong, huwag mag-atubiling makikipag-ugnayan sa aming opisina sa:

Gusali 25, Silid H1246  
1001 Potrero Avenue  
San Francisco, CA 94110  
Telepono: (628) 206-5176  
Fax: (628) 206-8878  
Email: [dph-patientexperience@sfdph.org](mailto:dph-patientexperience@sfdph.org)



